

1

“Zero point two mole Potassium at Chloride suspension,” sabi ni Kira sabay lista sa papel.

Isa siyang chemical engineer sa *Saturnix, Inc.*, isang tanyag na kompanya na kilala sa iba’t ibang aspeto ng siyensya. Isa na nga roon ang pagtuklas ng mga lunas sa mga bagong diskubreng sakit.

Siya ang head ng departamento nila at bago mag-uwian ay nag-iimbentaryo muna sila upang masiguro na walang kemikal na ma-a-out of place. Delikado kasi; baka imbis na sila ang gumawa ng gamot ay sila pa ang maging dahilan ng ikapapahamak ng buong mundo. Their job was not as easy as ‘one, two, three’ after all.

“Kira,” untag ng matalik na kaibigan at partner niyang si Liyah. Pareho sila ng paaralang pinasukan noong college at halos sabay rin silang natanggap sa *Saturnix* tatlong taon na ang nakakalipas.

“Ano?”

“Una na ako ha? May date pa kasi kami ng bf ko.”

Natigil si Kira sa kanyang ginagawa at nilingon

ito. Matagal na rin silang nagrereklamo sa Diyos tungkol sa buhay pag-ibig nila, kaya hindi niya sukat akalain na maunahan siya nito.

“Wow! Taray mo, lola! At kailan ka pa nagka-boyfriend? At saan mo naman napulot ang lalaking ’yan, eh, kahapon ay umeepal ka pa nga dahil wala ka pa ring *fafa* hanggang ngayon?” magkasunod na tanong niya.

Kumunot ang noo nito. “Boyfriend?” Tumingin ito sa suot na wristwatch. “Uhm... three hours ago?” Tumirik pa ang mga mata nito sa kisame.

Aba, ang bruha! Napailing si Kira. Medyo nagtataka rin siya dahil tila hindi rin kasi ito masyadong masaya.

As she imagined, kung magkaka-boyfriend man ang lukaret ay siguradong nagtatatalon na ito sa tuwa. She even thought na baka magpapiyesta pa si Liyah sa baranggay nila or worse, sa buong kompanya. Baka mapaaga pa ang annual party nila. Mayaman kasi ito.

Baka hindi niya type, desperada lang kaya pumatol sa kung sino-sino. Naalarma siya sa kanyang naisip. Malay ba nila kung kidnapper iyon o rapist kaya—baka ano pa ang mangyari sa kaibigan niya!

“Huy, babae! At kailan ka pa nagpa-easy to get?” Kinurot niya ito sa tagiliran na siyang ikinatawa nito. “Alam kong loveless ka pero di ko naman alam na ganyan ka na ka-desperado!” pangangaral pa niya rito.

“Sus, mare naman, o. Hayaan mo na ako. Asikasuhin mo na lang kaya sariling love life mo. Baka nakalimutan mong zero ka rin sa department na ’yan.” Isinenyas pa nito ang bokya, gamit ang isang kamay at inilapit sa mukha niya.

“Hindi ako ang pinag-usapan natin kaya skip tayo sa topic na ’yan. Ano ba ang pangalan ng lalaking ’yan? Sabihin mo na at nang ma-background check ko,” hindi natitinag na pangungulit pa rin niya rito; pinalis na rin niya ang kamay ng kaibigan.

Liyah rolled her eyes. “Ikaw talaga kahit kailan nega ka. ‘Kahlil’ ang name niya.”

Mariing nagdikit ang mga labi ni Kira. *Pangalan nga ba ng lalaking iyon ang narinig ko? Baka kapangalan lang...*

“Huy, friend, GTG na,” anito na ang ibig sabihin ay ‘Got to go’. “Nasa labas na raw siya.” Itinuro pa nito ang pintuan. Nagugulumihanan pa siya kaya wala sa sariling napatango na lang. Wala pa sana siyang

balak na paalisin ito without full interrogation.

“Friend...” tawag niya kay Liyah bago pa ito tuluyang makaalis. She just had to make sure of one thing.

“Yes?”

“When you said ‘Kahlil’, ibig mo bang sabihin ay si... Kahlil... Dumrique?”

Tumaas ang isang kilay ng kausap. “Paano mo nalaman?”

“Huh? Ah, wala... sige na.. go sago. Ingat na lang sa inyo,” palusot ni Kira upang hindi na ito magtanong pa.

Her friend looked so curious and unconvinced, pero minabuti na lamang na umalis. Alam kasi nito na kapag tumahimik na siya, siguradong may dahilan iyon. Nagkibit-balikat na lang ito.

Pagkasara nito ng pintuan ay siya rin namang pagbagsak ni Kira mula sa kanyang kinauupuan. Daig pa niya ang isang artista sa sobrang kadramahan.

OA na yata ako. It had been seven years. *Guwapo pa rin kaya siya?* Sinampal niya nang malakas ang kanyang sarili sa naisip.

Traydor ka talagang babae ka! BF 'yun ng BFF mo, kakalantiriin mo pa! Off limits na siya ngayon.

Binuksan niya ang kanyang drawer na nasa ibabaw niya dahil nakaupo nga siya sa sahig. Mukha siyang batang yagit sa posisyon niyang iyon but she did not even mind. Nasa private office siya kaya walang makakakita sa kanya sa ganoong kalagayan at kung mayroon man ay siguradong mga co-engineers lang niya.

Kinuha niya roon ang isang litratong nilipasan na ng panahon dala ng may pagka-yellowish na ang kulay niyon.

Sino ang mag-iisip na ang isang tulad niya ay magtatago ng isang picture ng isang lalaki?

Pinitik niya ang ulo ng binatang nasa larawan.

At least I'm sure na safe ang kaibigan ko. Harmless ka kasi. Pero... ba't kailangan mo pang bumalik?

Mag-e-emote pa sana si Kira nang may tumikhim mula sa likuran niya. Dala ng gulat, napabalikwas siya ng tayo kaya nabunggo ang kanyang ulo sa upuang nasa tabi ng binagsakan niya kanina.

“Aray ko po...” sambit niya habang hinihimas ang ulo.

“Sorry, miss.”

“Ano ka ba naman! Pasalamat ka at wala akong heart ailment kung di....”

Patay na ba ako? Daig pa ng dalaga ang nakakita ng multo.

Hindi na niya naituloy ang sasabihin dahil paglingon niya ay mukha ng taong kanina pa niya pinagpapantasyahan ang sumalubong sa kanya.

“Miss?” untag ni Kahlil sa lumilipad na diwa ni Kira.

“Uhm...” Natulala siya. She could not find the right words to say. She could not even trust herself to speak. Pakiramdam tuloy niya ay para siyang isang teenager na nakakita sa celebrity crush niya for the first time. She was about to lose her senses nang maalala ang larawang hawak niya kanina.

With only her eyes moving, hinanap niya ito sa sahig.

I'd rather die than lose my pride now!

“Miss, nasaan ba ang table ni Liyah dito? Nagmamadali ako.”

Tiningnan ni Kira ang binata nang matalim

ngunit laking-gulat niya nang mapansing nakadikit pala ang walanghiyang picture sa pantalon ng binata! Minsan kasi niyang idinikit iyon sa dingding ng kuwarto niya kaya may lagkit pa galing sa scotch tape ang likod niyon.

Lagot na! Sa dami ba naman ng puwedeng liparan nito ay roon pa! Nasapo niya ang sariling noo.

Dali-dali siyang tumayo at niyakap ito.

Walang malisya 'to. Walang malisya. I swear wala talaga, inulit-ulit ni Kira sa isip. Hindi rin niya alam kung bakit kailangan pa talaga niyang magpakagaga nang ganoon, eh, simpleng yakap lang naman talaga iyon.

“Hey!” singhal ni Kahlil at saka marahang hinawakan ang mga balikat niya upang ilayo. Mabilis ding hinablot ng dalaga ang larawan at dali-daling isinuksok sa bulsa ng lab gown na suot niya. Pasimpleng pinagpag din niya ang sariling damit at inayos ang mga gusot.

“Miss, ’wag ka namang yayakap sa kung sinu-sino lang at baka bastusin ka. Maganda ka pa naman, and as I can see it, you’re pretty much a decent woman. Pasalamat ka at gentleman ako kaya walang mangyayaring masama sa iyo,” pangangaral nito.

Tinalo pa nito ang isang seminarista sa pagtuturo tungkol sa moralidad at tamang asal ng mga babae.

She blinked. Maganda raw siya? *Hindi naman masyado.*

“Heh! At sino nama’ng maysabi na niyakap kita? FYI, ini-inspect lang kita. Malay ko ba kung terorista ka! Marami pa namang kalaban itong kompanya namin at naghahanap ng gusot upang pabagsakin kami!” pagalit na saad ng babae upang hindi siya mapahiya. Well, that was not the true reason. Although, marami naman talagang espiya na ipinapadala ang mga rival companies nila.

“At sino ka ba ha? Ba’t ka pumapasok dito nang walang paalam? Bulag ka ba at hindi mo nabasa ang sign na ‘Restricted Area’ sa may pintuan?” patuloy na pagtataray pa ni Kira.

Pumalampak ang binata. “I appreciate your love for your company. Ang ganda naman pala ng security ninyo dito. Mukhang lahat ng rapist ay gugustuhin nang dito maghanap ng bibiktimahin,” sarkastikong sagot nito. “And don’t worry, Miss—”

“Kira Vence.”

“Yes, Miss Vence. Inutusan ako ni Liyah, your partner, na kunin ang bag niya kaya may permiso

ako,” pagtatanggol nito sa sarili.

Namaywang si Kira. At kung hindi pa pala dahil sa kanyang kaibigan ay hindi sila magkikita nito. Nalungkot siya sa isipin na iyon, pero pilit na lang niyang binalewala.

“Sige na, gawin mo na ’yang pakay mo at baka ma-late pa kayo ni Liyah sa date n’yo,” taboy niya rito kahit na ang totoo ay sabik na sabik siyang makita ito. Naglakad siya patungo sa mesa ng kaibigan at kinuha ang bag na naroon. Inabot niya ito sa binata.

“Thank you. Ano bang date ang pinagsasasabi mo?”

“Hindi ba’t may date kayo ni Liyah ngayon?”

Sa inis niya ay biglang tumawa ang kaharap.

Weird... pero ang cute mong tumawa ha. May patakip-takip ka pa ng bibig na nalalaman. Ang sarap mo talagang kutusan.

“Pambihira talagang babae ’yun. Miss Vence, pasensya ulit. See you around,” paalam ni Khalil, sabay kindat sa kanya. It was only a friendly wink but it was enough to make her knees weak.

Ang lakas pa rin ng dating nito hanggang ngayon, napansin pa niya. Wala nang nagawa si Kira kundi

habulin ito ng tingin.

Kita mo, hanggang ngayon langaw pa rin ako sa iyo. Mas maganda naman ako kay Liyah, ah! Muli niyang tinitigan ang pintong nilabasan ng binata.

Nagiging makasalanan na siya nang dahil sa lalaking iyon. *Wake up, Kira! You're not supposed to think and act this way.* Naging crush niya lang ang lalaking iyon... nothing more.

Bumuntong-hininga siya. Binuksan niya ang kanyang drawer and placed the picture back to its hiding place. Umupo siya sa kanyang swivel chair at inalala ang mga naganap pitong taon na rin ang nakakalipas...

Seven years ago....

“Okay, meeting adjourned,” hayag ni Kira sa kanyang mga miyembro. She was the Chairman of the Supreme Planning Board in their Girl Scout chapter.

She was successful then. Maganda siya, biniyayaan ng kakayahang mamuno at higit sa lahat ay napakatalino sa Chemistry at Physics na most of the time ay binabagsakan ng mga kaklase niya. And

to think na advanced ang subjects nila dahil sa isang science high school siya nag-aaral.

But unlike most girls, Kira was not the girlish type. In fact, mahilig siyang magsuot ng oversized shirts at baggy shorts. Hindi siya komportable sa high heels at dresses. Milagro nga rin na mag-makeup siya.

She was highly praised but she remained humble. Many wanted to become her friend but she only considered a few. At hindi naman siya nagsisisi.

Matapos ang meeting nila ay tumambay sila ng kaibigan niyang si Naya sa waiting shed para magpalipas ng oras. Nakagawian na nila iyon pagkatapos ng klase nila. Kadalasan ay sabay na rin silang umuwi dahil nakatira sila sa iisang boarding house.

Kumakain siya ng paborito niyang *Cream-O* at *Cornetto* nang bigla siyang mabulunan dahil sa malakas na paghampas ng kanyang kaibigan.

“Sorry, Ki,” anito sa isang mahinang boses. Nakatutok ang paningin ni Naya sa isang direksyon.

“Ano ba naman ’yang tinitingnan mo? Wala naman akong makita, ah!” reklamo ni Kira na sinundan ang tingin ng kasama. May lahing pagkatsismosa talaga siya. Well, people are born curious, ayon pa nga kay

Einstein... or was it Aristotle? Basta.

“Anong ano?” Her friend even placed her hand on her hips. “More like sino!” dugtong nito.

Tumaas ang kaliwang kilay niya. “At sino naman ’yan? Guwapo ba?” usisa pa ni Kira.

Hindi makapaniwalang tiningnan lang siya ni Naya. It was the kind of look that spoke of a big ‘*Duh?*’. “At kailan ba ako nabaliw sa isang pangit na *fafaru?*”

Kira just chuckled. “Sige na. ’Wag ka nang magtampo. At nasaan na ba ang Herodes na iyan at nang masamba ko na...”

“Ewan ko sa ’yo.”

Ngumiti lang siya. Sanay na siya sa ugaling iyon ng kaibigan. May pagkabaliw, pero madali talaga itong mainis lalo na sa mga taong walang sense kausap.

Mayamaya pa ay impit na tumili si Naya. “Kira! ’Ayan na siya! In full view!”

Lumingon siya sa itinuro nito. May namataan siyang lalaki na bumaba mula sa isang asul na *BMW*. And true enough; there stood a serious guy who could mesmerize a girl just by the sight of him.

He had tanned skin that seemed to glisten. His tousled hair was a bit long and styled like that of most Koreanovela actors. Nagtataglay ito ng maamong mga mata na kumukompleto sa dreamy yet strong aura nito.

Matangos din ang ilong nito at kahit saan mang anggulo tingnan, hindi maikakailang guwapo talaga ito.

Nakasuot ang estranghero ng itim na hoodie at simpleng puting T-shirt na pinaresan ng faded maong pants. Mukha itong artista.

Panaginip lang ba 'to? Oh Lord, sana magkatotoo...

Biglang napatingin ang binata sa kanyang direksyon. Tila may kuryenteng gumapang sa katawan ni Kira. Nakakapangilabot... ngunit masarap sa pakiramdam.

Napayuko si Kira. *Nakakailang.*

“Hi!” bati nito nang makalapit. He seemed so sure of himself, pero ang nakakagulat ay hindi ito mukhang mayabang.

Ang ganda ng boses mo. Saan ka ba nagsususuo at ngayon lang kita nakita?

Si Naya ang sumagot dito. “Hello!”

“I’m Kahlil Clyde Dumrique. ‘Kahlil’ for short,” pakilala ng lalaki sa sarili, sabay abot ng kamay nito.

“Naya Villacrista at your service, Sir!” halos patiling sabi ng kanyang kaibigan na siya ring tumanggap sa palad ng binata. Tila naka-plaster na rin ang abot-taingang ngiti ng kaibigan niya.

Kahlil, bumitiw ka na. Hindi ka na bibitawan niyan.

Gusto na sana niyang sawayin si Naya ngunit hindi niya nagawa sapagkat may tumawag na rito.

“Naya! Hinahanap ka ni Ma’am Chin!” sigaw ng isang schoolmate nila.

“Sige! Susunod ako! Mauna ka na!” pasigaw ring tugon nito. Halatang napipilitan lang ang kaibigan niya. Bumaling ito sa kanya. “Friend, alis na ako. Mauna ka nang umuwi. Mukhang litanya na naman ito, eh.”

Tumango si Kira ngunit nakayuko pa rin. Tila ba natatakot siya na makita nito ang facial expression niya kahit hindi naman siya sigurado kung siya talaga ang tinitingnan ng binata.

“And nice meeting you, Kahlil!” Humirit pa ito ng yakap sa nabiglang lalaki bago tuluyang lumayas.

Masama na ito, Kira. Parang tinamaan ka na yata, sa taong hindi mo pa kilala. That's so against your belief, konklusyon ng pasaway na tinig sa isip niya.

Hindi naman siguro... baka crush lang... infatuation.

“And you?” Napakislot siya nang marinig ulit ang boses ni Kahlil. “Ano’ng name mo?”

Napatingin siya rito at natulala when his handsome face greeted her with a mouth-watering smile. Nakalahad din ang kamay nito sa kanya.

’Yan na nga ba ang sinasabi ko, eh.

“So?” untag muli nito na may nakakalokong ngiti sa labi na parang pinipigilang tumawa sa kanyang reaksyon.

“Anong so?” tanong ni Kira na medyo may himig ng katarayan. Mabuti na lang at pinalaki siyang may pagka-amasona kaya hindi madaling mahulaan ng mga lalaki kung may interes siya sa mga ito.

Tila nangawit na ang binata at ibinaba na ang kamay.

“Sorry, hindi ko puwedeng ibigay. I don’t talk to strangers, and you’re a stranger,” tila pinal na sabi niya.

Picture Perfect - Iris Bloom

Tumawa nang marahan si Kahlil. Ginulo nito ang buhok niya at pagkatapos ay kinuha ang kamay ng dilag for a handshake.

Why was he acting too comfortable with her?
'Wag kang ganyan, baka masanay ako...

“Interesting. Nice meeting you.”

Pinalis din nito ang mga buhok na pumunta sa mukha ni Kira at mahinang tinapik ang kanyang pisngi. Umalis rin ito pagkatapos.

Ilang minuto ang lumipas pero hindi pa rin makahuma sa naganap ang dalaga. Napapitlag siya nang marinig ang isang matinis na tunog ng pito.

“Huy, miss! Curfew na! Umuwi ka na!” sita sa kanya ng guwardiya.

Dali-dali niyang hinablot ang kanyang bag at umuwi sa kanila na ang tanging nasa isip ay ang imahe ng binata. Masama na talaga ito...

2

Kahlil Clyde Dumrique, tipa ni Kira sa search bar ng kanyang *Facebook* account. Hindi naman siya nabigo at nakita ang account ng binata.

Talaga bang gagawin ko 'to? Di kaya siya magmukhang stalker?

Nagdadalawang-isip pa rin siya sa nais gawin. For goodness' sake, kahit kailan ay hindi niya naisip na darating ang araw na magagamit niya ang Internet sa stalking!

Pero sabi nga nila, life is full of twists and turns. Biglang tumalon ang aso niyang si Fluffy pakandong sa kanya.

Dala ng gulat, natabig niya ang mouse at pagtingin sa computer ay ang malaking larawan ni Kahlil na ang naka-plaster sa kanyang monitor screen.

Oh, great. At ang aso pa ang nagdesisyon para sa akin. Bumuntong-hininga siya.

“Kira! Anong ingay 'yan?” tanong ni Naya. Nasa loob ito ng kabilang kuwarto at gumagawa ng proyekto nila. Marahil ay nabulabog niya ang pag-

co-concentrate nito.

“Wala!” sagot niya.

“Kung wala lang pala, please ’wag ka nang mag-ingay muli, kundi I’ll file a case against you and shout to the world that you are a public nuisance!”

“Ang OA mo!” reklamo ni Kira. Public nuisance daw siya, samantalang isang tao lang naman ang naistorbo niya.

Hindi na sumagot ang kaibigan. Talagang hindi kasi ito papatol sa debateng walang kabuluhan. Basta nasabi na nito ang gustong sabihin ay kontento na ito.

Hinarap niya muli ang computer at hindi napigilang tingnan ang mga pictures ni Kahlil. Nadiskubre niyang dalawa lang ang naroon.

Hindi siya vain. Plus five pogi points.

Ang unang larawan ay parang isang stolen pic dahil naka-sideview ang binata. Ang ikalawang litrato ang nagpatindi sa paghanga ng dalaga at sa kahit na sino sigurong makakita nito. Nakangiting litrato iyon ni Kahlil habang may hawak na wineglass. Naka-formal suit ito kaya malamang ay kuha iyon sa isang event.

It was a very simple pose but its effect on her was

really unexplainable. Hindi na tuloy maintindihan ni Kira kung paano ilalarawan ang lalaki. Now it seemed that even the word ‘gorgeous’ became an understatement!

Anak ng elepante naman! Ba’t hindi na lang kaya siya nag-artista?

Kunsabagay, kahit noong high school pa siya, parang may pagkasimple lang naman itong si Kahlil. Kahit na napakaraming girls na nagkakandarapa dito, wala naman itong reputation ng pagiging isang playboy.

Muli niyang binalingan ang computer. Dala ng bugso ng damdamin, she printed his picture. *Para may remembrance.*

Sa mga sumunod na araw, sinadya ni Kira na gabi umuwi. Umaasa kasi siyang muli silang magkikita ng lalaki. Minsan na nga rin siyang sinita ni Naya, pero hindi pa rin siya nakinig dito.

Hindi rin naman niya alam kung bakit siya nagpapakatanga ng ganoon. Sa totoo nga rin lang ay hindi niya alam kung ano ang gagawin niya sakaling magkita sila ng binata.

Picture Perfect - Iris Bloom

She felt that what she was doing was really stupid but still... what the heck. Ito na yata ang tinatawag na rebellious stage. Dahil nagrebelde na ang utak niya sa gusto talaga niyang gawin which was to go home and sleep. Kahit pagod na nga ay matiyaga pa rin siyang naghihintay.

Isa... dalawa... tatlo... Apat... no Kahlil came.

Matapos ang isang linggo ay tumigil na siya sa kahibangan. Baka hindi na talaga ito bumalik. Heck, what if talagang may binisita lang ito doon? But... she would never know. Kaya nga nagtiis siya nang ganoon katagal.

Nagsawa na siya sa mga lamok na parating kumakagat sa kanya sa tuwing naghihintay siya sa waiting shed kapag gabi. Pagod na rin siyang marinig ang pito ng guwardya na tumataboy sa kanya dahil parati na lang siyang lumalagpas sa curfew time ng paaralan nila. Maging ang kaibigan niyang si Naya ay nagtataka na rin sa kilos niya, pero siyempre, todo deny si Kira.

With all hopes gone, tinitigan niyang muli ang larawan ng lalaki at ngumiti nang mapait. Uuwi na sana siya nang mamataan niya ang binata na naglalakad na may kasamang babae. Nabigla siya. And then she was hurt. Sa dami nga naman ng

sakripisyo niya.

Maaari na siyang tumakbo, pero nanatili siya doon. Ninais niyang malaman ang katotohanan. After all, the truth would always set you free. Hindi siya tutulad sa mga heroines na nababasa niya sa mga aklat na nagkakaroon ng conflicts with their *Prince Charmings* dahil lamang makitid ang utak nila at hindi marunong makinig.

Sinundan niya ang dalawa at nagtago sa may talahiban. Wala na siyang pakialam kung nagmumukha na siyang stalker. Ginawa niya ang lahat upang hindi makalikha ng ingay.

She also promised herself not to tell Naya about this. Mahilig pa namang makialam ang babaeng iyon.

Baka kapatid lang niya 'yan... O kaya ay pinsan...

“Hon,” tawag ng babaeng kasama ng binata. At kay bilis namang nasira ng mga hinala niya. May magkapatid ba na nagtatawagan ng, ‘Hon’?

“Lizeth, we both know that this day would come. My future is in *Yale*. Alam mo rin namang matagal ko nang pangarap ’to,” sabi ni Kahlil.

“But... Paano naman ako?” paghihisterya ng kasama nito. “Pumili ka, hon! Ako o iyang pag-aaral

mo na kung tutuusin ay magagawa mo rin naman dito?”

Yumuko ang lalaki. “I’m sorry, Lizeth... I’m gonna miss you.”

Isang malakas na sampal ang iginawad ng babae rito. Humahagulgol ito at patuloy na binigyan ng sunud-sunod na hampas ang binata. “I hate you! I hate you! I hate you!” sigaw pa nito.

Niyakap ito ni Kahlil at tinanggap ang pananakit sa kanya ng dalaga, like he knew he deserved more than that for being ambitious.

“Let me take you home,” anas pa nito sa babae. At umalis na nga ang dalawa.

Ilang segundo ang lumipas bago nakuha ni Kira na tumakbo palayo. Habol ang hininga, tumigil siya sa isang di-mataong lugar at malayang umiyak.

Ang tanga ko! Sa guwapo ng taong ’yun ba’t di ko man lang naisip na may girlfriend na siya?

Sinipa rin niya ang mga inosenteng puno na nadaanan niya. *Aalis na siya!* Wala siyang karapatan... ngunit bakit ba siya nasasaktan? Humagulgol na siya at paupong sumandal sa isang puno.

That was it. This world was not a fairytale. She

could never be a princess and Kahlil would never be her prince.

Hindi nagtagal ay may narinig siyang kaluskos malapit sa kanyang kinaroroonan.

Hala, sige. Kidnappers, rapist, mamamatay-tao... kahit ano ka pang demonyo ka, wala na akong pakialam sa 'yo!

Mas lalo pang lumapit ang ingay at tumigil sa tabi niya. Ngunit imbis na baril o kutsilyo ay isang panyo ang inilahad ng kung sino man. Tumingala siya upang makita kung sino ito at nakita ang kanyang kuya-kuyahang si Karl.

“Kira, tumayo ka na diyan. Mukha kang sira.” Mahinang sinipa rin nito ang paa niya. It was as if he was telling her to stand up and move on with her life.

Sandaling tinitigan ito ng dalaga, hinablot ang panyo saka umiyak nang mas malakas pa.

“Geez... ano ka ba namang bata ka?” Inasahan niyang kakaladkarin siya nito pauwi like he usually did but instead, lumuhod ito at niyakap siya. “Shh...” Hinaplos pa nito ang kanyang buhok.

Tiningnan niya ito. At anong ispiritu kaya ang sumapi dito? “Kuya, 'wag kang ganyan. Di bagay.”

Mahinang binatukan siya nito. “Aray naman...”

“Kaw kasi. Ikaw na nga itong inaalo ’kaw pa ’tong nang-aasar.” Minabuti na lang niyang tumahimik. Tama talaga ito. But still, he was acting weird.

“Kuya, mamamatay ka na ba bukas? Bigla ka kasing bumait...”

“Mabait talaga ako ngayon kaya maging mabait ka na rin,” turan nito. She smiled bitterly. She appreciated his effort to make her smile despite the painful turnout of her lovelife.

“Wag mo ’yung iiyakan. He’s not worth your tears,” biglang sambit ni Karl.

Naguguluhang tinitigan niya ito. How the heck did he know?

Nabasa niya sa mga mata nito ang kasagutan sa mga matang nagtataglay ng galit at matinding pag-aalala.

“Sinundan mo ba ako?”

Hindi ito sumagot. Sa halip ay mahinang kumanta ito. Iyon bang tipo na nanghehele ng bata. Nanatili siya sa bisig nito hanggang sa siya ay kumalma. This man sure did have an angelic singing voice pero nunca niyang pinuri ito. Baka kasi lumaki ang ulo.

Mayamaya ay itinayo na rin siya nito.

“Here,” ani Karl at inabot ang isang papel. Larawan iyon ni Kahlil. Nahulog pala niya ito nang tumakbo siya kanina.

“Sunugin mo na ’yan,” utos ni Kira ngunit umiling ang lalaki.

“If someone’s gonna get rid of it, it should be you.” Itinuro pa siya nito.

Tinitigan lang siya ni Kira. Kinuha nito ang kamay niya at inilagay ang larawan doon. “Gusto ko sanang ihatid ka pauwi but I believe you need more time to be alone.” He patted her head. “Don’t do anything reckless. Mahirap magpaka-*Superwoman*.” Parang napipilitan lang ang kaibigan sa desisyong iyon pero tumuloy na ito.

Nanatiling nakatutok ang dalaga sa larawan at muli, dumaloy ang kanyang luha.

Promise, Lord, last na ’to.

3

Present Day...

Ang tanga-tanga ko talaga noon! lihim na kastigo ni Kira sa sarili.

Nakikinig siya ng musika sa kanyang radyo upang mag-aliw habang inaalala ang mga naganap pitong taon na ang nakakaraan. Bakit nga ba siya umiyak noon? Hindi naman sila. Kunsabagay, bata pa naman siya noon.

Kumuha siya ng *Cream-O* at nginatngat iyon.

“... *You can't lose what you never had...*” biglang awit sa radyo.

Aba't nang-aasar yata 'to ah! Minabuti niyang patayin na ang maingay na makina.

Akala niya ay tatahimik na ang lahat, ngunit bigla na lang may nagsigawan sa labas ng kanyang bahay.

“Ang guwapo mo!” tili ng isa niyang kapit-bahay.

“Marry me!” pag-propose din ng isa.

Diyos ko naman! Sino kaya ang pinagkakaguluhan ng mga ito?

Dala-dala ang kanyang biskwit, pumunta si Kira sa verandah at umupo sa may pasimano. Sa kanyang inis ay wala siyang makita. Paano, mukhang dinumog na ito ng lahat ng kababaihan sa kanilang baranggay. Pati nga mga matatanda sa lugar ay mukhang tinamaan din ng pana ni Cupido.

Lalong lumaki ang curiosity na nararamdaman ni Kira. Nang hindi makatiis ay pumanaog siya at nagpa-front view sa nagaganap na kalokohan.

Si Brad Pitt na kaya ito o baka naman... si Papa P?

Nasa tapat na siya ng kanyang pintuan nang matigil siya sa paghakbang.

“Miss Vence!” sigaw ng isang boses.

Lumingon siya sa paligid at hinanap ang may-ari ng pamilyar na tinig. Hindi nagtagal ay napansin niya ang lahat ng kababaihan ay matalim na siyang tinitingnan.

Ano na naman kaya’ng ginawa ko?

“Excuse me, excuse me,” anang isang tao na kanina pa dinudumog at tila nais nang makahinga.

Nang mahantad sa kanyang paningin ang taong tumawag sa kanya ay parang gusto na niyang kumaripas pabalik ng bahay at ikandado iyon.

It was neither Brad Pitt nor Papa P, all right. But it was Kahlil. The ultra dropdead gorgeous human being who kept on haunting her memories, at base sa nakikita niya ay crush na rin ng kanilang nananahimik na bayan.

Lumapit ito sa kanya. “Ikaw si Miss Kira Vence, hindi ba?” Tumango ang dalaga, still in a daze. “Di mo man lang ba ako papapasukin sa bahay mo?”

Nanghina si Kira. Sa tanang buhay niya, hindi niya na-imagine na darating din ang araw na kailangan niyang papasukin ito sa bahay niya.

Patay, hindi pa ako nakakapaglinis.

Ows? Bakit concerned ka? kantiyaw ng kanyang isipan.

Natural concerned ako! Kababae kong tao, magulo ang bahay ko. Baka ano pa isipin niya, kontra rin niya.

Matapos ang ilang segundo ng pag-aalinlangan ay nakapagdesisyon na rin siya. “Sige, pasok ka,” aniya.

At tumuloy na nga silang dalawa. Kahlil breathed out a sigh of relief as she closed the door behind her.

She looked at him from her peripheral vision. Medyo napunit na ang business suit nito at nagulo

na ang buhok ngunit hindi man lang nabawasan ang kaguwapuhan nito.

“Okay ka lang?” tanong nito sa kanya.

“Bana’t ako ang tinatanong mo, ikaw itong halos talupan na ng buhay ng mga kapitbahay ko?”

Lumayo siya sa lalaki upang maghanda ng makakain and at the same time, to breathe. Nararamdaman pa kasi niya ang tensyon.

“Umupo ka muna. Pasensya na kung magulo ang bahay ko ngayon. I didn’t really expect any visitors coming over today.” Tumango ito upang sabihin sa kanya na okay lang.

“Ano’ng gusto mo? Coffee? Juice?” she asked politely.

“Kahit ano na lang. Ganyan ba talaga sila?”

“Sino?”

“Yung mga tao rito.” Kumuha ang binata ng panyo at pinunasan ang mukha. Tila grabe talaga ang pinagdaanan nito kanina.

“Ah...” *Na-trauma siguro.* Naglapag si Kira ng dalawang baso ng juice at umupo sa sofa na katapat nito. “Hindi naman.”

“Ba’t sila ganoon?” Gusto na talaga niyang matawa. He was acting like a young kid asking his mom questions about the world and the universe.

“Kasalanan mo rin ’yan.”

“Kasalanan ko?” di makapaniwalang balik nito. Itinuro pa ng binata ang sarili.

“Oo. Kung bakit ka pa kasi ipinanganak na guwapo sa mundong ito,” she said frankly. Pero nang ma-realize kung ano ang sinabi ay wala sa sariling nasapo ng dalaga ang noo.

Hindi ka na naman nag-iingat sa pinagsasasabi mo, Kira!

Natigilan ito at saglit na nag-isip. Mayamaya ay humarap ito muli sa kanya. “Tell me, Miss Vence, ganoon ba talaga ako kaguwapo?” Seryosong-seryoso ang mukha nito.

“Ah... eh...” *Pangit! Pangit! Guwa—este, pangit pala!* Sino nga ba ang niloloko niya? “Medyo lang. Kaya ’wag masyadong lalaki ulo mo.”

May namuong ngiti sa mga labi ng kaharap nang marinig ang sinabi niya.

“Pero hindi naman ’yan ang rason kung bakit ka pumunta rito, right, Sir...” ani Kira upang itago ang

kanyang pagkailang at nang hindi malaman ng binata na kilala na niya ito.

Hangga't maaari, ayaw niyang malaman nito na nagkakilala na sila noon. Baka kasi isipin nito na crush na crush niya ito dahil kahit matagal na panahon na ang lumipas ay hindi pa rin niya ito makalimutan.

Kaagad namang sumeryoso na ang anyo nito saka tumikhim para iparating na hindi ito interesado sa kanya.

“Yes. I’m Kahlil Clyde Dumrique.” Nakipagkamay ito sa kanya. “Umalis kasi ang partner mo na si Liyah tungong Vienna upang asikasuhin ang engagement party niya.”

Si Liyah... engaged?

“With whom?” di-mapigilang tanong ng dalaga.

“With Alex Xavier Ponce. It was an arranged marriage.”

Usong pa ba 'yon?

Matamang tinitigan ni Kira ang lalaki. Wala itong kahit anumang himig ng kalungkutan o selos. Magaling lang kaya itong magtago ng damdamin o talagang wala lang itong pakialam sa kanya?

“As I was saying, Liyah left these para sa product ninyo. Sabi niya, kailangang-kailangan mo raw ’yan. Kumpleto ’yan from first forms, observations, reports at conversions para hindi ka na raw mahirapan.” Inilapag nito ang isang red folder. She picked it up and scanned the pages.

Si Kahlil naman ay inayos ang briefcase at saka uminom ng juice. “Well, I guess ’yun lang ang pakay ko dito. It was nice seeing you again, Miss Vence,” anito. Akmang tatayo na ang binata nang tawagin niya ito.

“Mr. Dumrique, I know this may seem personal, pero how did you feel na hindi kayo ang magkakatuluyan ni Liyah?”

Kumunot muna ang noo nito, pero ngumiti rin pagkatapos. “That’s a personal question indeed, Miss Vence, and you know men like me value our privacy so much.”

“So... what do you mean?”

“I’ll answer that question pero tatanungin din kita... and you’ll have to answer it, too,” he said it too casually. Nagmukha tuloy silang mga negosyante na gumagawa ng isang business proposition para sa kanilang produkto.

Kinabahan si Kira. Pakiramdam niya ay isa siyang kriminal na isasalang sa isang lie detector test at ang binata ang inspector.

Bakit ba siya kinakabahan? Wala siyang itinatago...

“Okay, deal”, pagsang-ayon na lang ng dalaga. Sana lang ay hindi siya mapahiya sa desisyon niyang iyon.

Bahagyang ngumiti ito at muling tumikhim.

“To answer your question, wala lang sa akin ’yun. Liyah and I don’t have a relationship in a level that exceeds friendship. Besides, malaki na siya. She can do something para pigilan ang engagement kung talagang ayaw niya.”

Nagtaka si Kira. Di ba’t boyfriend ito ng BFF niya? Besides, masyadong istrikto ang mga magulang ng kaibigan upang hayaan itong gawin ang kahit anumang gustuhin nito. Pero well, matigas nga talaga ang ulo ng kaibigan niyang iyon.

“Now, ako naman,” he said huskily.

Napatingin siya rito. He was now looking at her as if he could read her soul. Pakiramdam niya ay tinakasan na siya ng kanyang hininga. Bakit ba

ganoon na lang parati ang epekto nito sa kanya?

Magtatanong lang siya. Chill, Kira, Chill, alo niya sa sarili. Fortunately or unfortunately for her, nag-ring ang cellphone niya at na-distract ang lalaki. She felt relieved and at the same time, lucky.

Tumingin si Kahlil sa wristwatch at hinilot ang sentido. Halatang pagod na ito. “I have to go. May meeting pa akong hahabulin.” Binitbit nito ang dalang briefcase. “You owe me one, Miss Vence,” huling anito bago tuluyang umalis.

Dinampot ni Kira ang nag-ri-ring na cellphone. Papunta na siya sa opisina niya nang biglang tumunog iyon.

“Hello.” Inipit niya ang telepono sa pamamagitan ng gilid ng ulo at balik at nagmamadaling naglakad patungo sa elevator.

“Friend!” masiglang bati ni Liyah sa kabilang linya.

“Heh! Friend mong mukha mo!” Pinatay niya ang cellphone. Medyo naiinis pa siya sa pagsisinungaling at hindi pagkukuwento nito. Akala niya may boyfriend na ito, pagkatapos wala pala! Pagkatapos ngayon,

malalaman na lang niyang may fiancé na ito! At wala pa talaga itong balak na imbitahan siya. To think, na matalik niyang kaibigan ang bruhang iyon.

Mayamaya ay tumawag muli ito.

“The subscriber you are calling is currently unavailable. Please try again later. Toot... toot... toot...” pang-aasar niya rito.

“Friend naman, eh! ’Wag ka nang magtampo!” sabi ni Liyah sa kabilang linya.

“Toot... toot... toot...”

“Hindi naman pang-call center boses mo kaya ’wag ka nang mag-ilusyon.”

Natigilan si Kira. “Are you saying pangit ang boses ko?” pagtataray niya.

Liyah chuckled. “Hay, salamat nagsalita rin ang frustrated agent. Hindi naman, Ki, ’kaw talaga. Sorry na.” She seemed sincere enough kaya bumuntong-hininga na lang siya.

“Sige. Explain yourself. Ba’t mo sinabing boyfriend mo si Kahlil... este, si Mr. Dumrique?”

“Boyfriend? At kailan ko sinabi ’yan?” tanong ng babae sa isang matinis na boses. It was like accusing

someone of a crime at hindi makapaniwalang nadamay ito sa mga suspects.

“Duh. Sabi mo noong nasa office tayo... noong may date kayo, remember?”

Tila nang-iinis talaga ito at humagalpak pa ng tawa. *Sige, tumawa ka lang. Pagbalik mo, babaliin ko talaga ang mga buto mo. Ikaw rin.*

“Ang sabi ko, bf... as in... best friend. Parang tayong dalawa. Hindi boyfriend.”

Aba naman! At namimilosopo pa. “Then, why didn’t you correct me?”

“Coz I thought you might find it rude since parang feel na feel mo na ang moment of assumption mo. Besides, ano nama’ng masama kung mapagkamalan ng tao na kami? He’s handsome, mayaman, responsa—”

“Heh! Tumigil ka!” saway ni Kira sa kaibigan.

“He’s quite a catch kung tutuusin. Siguradong maraming maiinggit kung magkakatuluyan kami.”

“Tumigil ka riyan, Maria Liyah Treviño! Engaged ka na!” Mabilis na natutop niya ang sariling bibig. Kung bakit naman kasi ang bilis niyang mag-react!

Sandaling tumahimik si Liyah sa kabilang linya.
“Tell me, Kira, may gusto ka ba kay Kahlil?”

“No!” mabilis at pasigaw na tugon niya.

“Eh, ba’t ka ganyan makapag-react?”

“Ah... eh... I’m just defending myself.”

“The most honorable Kira Vence. Masama na ’yan friend ha. This is the first time na kung umiwas ka ay daig mo pa ang nakapatay ng tao...”

“Ayan ka na naman. Intrigera ka talaga.”

Pumalatak ito. “In love ka na nga... in denial ka pa,” paanunsyong saad nito.

“Ewan ko sa ’yo. Magsama nga kayo nang fiancé mo.” At ibinaba ni Kira ang telepono.

Hindi ako in love! Ang swerte naman yata ng damuhong ’yun! Wala pa nga siyang ginagawa.

Padabog na pumasok siya sa kanyang opisina at umupo sa swivel chair.

Crush lang naman. Crush lang talaga. Wala nang mas hihigit pa.

Tumingin-tingin siya sa paligid at hindi napigilang binuksan ang cabinet kung saan nakatago ang

larawan ni Kahlil. Marahang kinuha niya iyon.

Crush? Sino'ng niloloko mo? At hindi ka pa pala in love sa lagay na 'yan? anang munting tinig sa kanyang isipan. Marahas siyang umiling.

Tumahimik kayo! Naguguluhan talaga siya kung sino ang kukumbinsihin, ang iba o ang kanyang sarili?

Pinagmasdan niya muli ang litrato. It was as if the sight of his handsome face brought peace to her mind, but a wild chase on her heart.

Kung di mo siya mahal, ba't di mo na lang itina-pon 'yan gaya ng sabi ni Karl noon? sabat muli ng tinig.

“Hindi ko siya mahal!” sigaw ni Kira na mabilis na tinakpan ang sariling bibig. Tumingin siya sa paligid. Mabuti na lang at nasa loob siya ng kanyang private office at siguradong walang makakarinig.

“Sino'ng hindi mo mahal?”

Napalingon siya sa may pintuan. Pumalakpak ang lalaking nakasandal sa hamba nito. Nakasuot ito ng itim na shirt at jeans. Pinaresan pa nito ng shades iyon na nag-accentuate ng cool and astig look nito.

“At kailan ka pa naging melodramatic, Kira?”
Ngumiti pa ito.

She placed the picture back in the cabinet. “Karl!” Patakbong sinalubong niya ang lalaki. They hugged.

“Naging platinum na ba album mo?” tanong niya.

Karl is now a famous balladeer. This young man became one of the most sought-after bachelors of the decade at kagagaling lamang nito sa isang mall tour sa Bacolod to endorse his album.

“Triple platinum pa nga.” Kumindat ito. Hindi niya sukat akalain na paglaki nila ay mundo ng musika talaga ang tatahaking landas ng kaibigan.

Hinampas niya ito sa balikat at kiniliti siya ni Karl. Nawawala ang pagiging respetadong singer nito sa tuwing nagkikita sila. She could always bring out the child in him whenever they were together. Madalas pa rin talaga silang mag-asaran.

Masaya pa silang nagbibiruan nang biglang may tumikhim sa likod nila.

“I’m sorry to interfere but this is supposed to be a laboratory not a lovers’ lounge, right, Miss Vence?”

Nagkatinginan ang dalawa. Karl was smiling pero ang mata nito ay may tinatagong galit. Nakakuyom na rin ang mga kamao nito na parang anumang oras ay handa nang manuntok. She then looked at the

man who came in.

“Oh Mr. Dumrique, what brings you to my humble lab?” Kailangan niyang ipakita na hindi na siya naapektuhan ng presensya ni Kahlil.

Karl took care of her as she mourned for her stupidity. Nagsilbi itong kuya at bodyguard niya.

“P’wede na ba siyang umalis? Sa pagkakaalam ko ay three o’clock pa ang break ninyo,” ani Kahlil na ang tinutukoy ay ang kaibigan niya.

Nagtitigan ang dalawang lalaki. Nang hindi na matiis ni Kira ang tensyon ay malakas siyang tumikhim. *Ano ba ang nangyayari sa dalawang ito?*

Karl then turned to her.

“Ki, aalis muna ako. Next week na lang tayo mag-dinner since may istorbo.” Lumapit ito sa kanya at bumulong sa kanyang tainga. “Wag kang magpapadala d’yan. Di hamak na lamang ako ng sampung paligo diyan.” Kumindat pa ito. Mahinang hinampas niya ang kaibigan sa dibdib.

“Baliw!” Nagkatawanan sila saka tuluyang umalis ang mang-aawit.

She was still smiling when she faced Kahlil. Ngunit napalis ang ngiti niyang iyon nang makita

ang madilim na anyo nito. *Pustahan tayo, nagseselos 'yan*, anang tinig sa loob ng isip niya.

“Impossible,” mahinang sambit ni Kira at marahang umiling.

“What’s impossible, Miss Vence?” tanong ni Kahlil. Nagsimulang lumakad ito palapit sa kanya.

“None of your business. Ano’ng ginagawa mo rito?” Umatras siya.

“I’m your new department director. Ano ang lalaking ’yon sa buhay mo?” Humakbang ulit ito.

“B-ba’t ka ba lumalapit?” Her heart was beating wildly now.

“Ba’t ka umaatras?” ganti nito.

Napasandal na siya sa pader. She extended a leg to mark na hanggang doon lamang maaaring lumapit ang binata. Baka kasi marinig pa nito ang malakas na pagtibok ng kanyang puso.

He smirked. “You have nowhere to go. Now tell me, kaanu-ano mo si Karl Michael Santiago?” Bahagyang inilapit nito ang mukha sa kanya.

“You’re a businessman, Mister Dumrique. Don’t bother yourself with unnecessary details.” Hindi na

siya makahinga. Parang walang tigil sa pagtibok ang puso niya. Gayunpaman, proud siya na at least, napanatili niyang normal ang kanyang boses.

“Who said that it’s unnecessary?” An amused smile was now written on his face.

“Wala kang karapatan na tanungin ako n’yan.” Nag-iwas si Kira ng mukha.

“Meron. You owe me a personal question, remember?”

Ay, oo nga pala! She sighed. “He’s my friend at para ko na ring kuya-kuyahan. We grew up together.”

He seemed unconvinced. Nakatitig lang ito sa kanya.

“D-do you mind if you step back a little?” she said, almost breathless.

He smiled and did as he was told. He shook her hand. At tila mapagbiro ang tadhana, pinisil nito ang pisngi niya—just like the first time they met.

“I’m Kahlil Clyde Dumrique, your new department director and I’m afraid, makikita mo ako araw-araw,” pakilala muli nito saka tila walang nangyari na iniwan siya.